



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 4 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 02 PEbrero 2009, 9:45 NG UMAGA SA SITIO DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Councilor Agustin L. Cusi	
Councilor Jocelyn G. Solabo	
Councilor Angeles D. Bautista	
Councilor Hernan C. Ererita	
Councilor Bernabe S. Mortel	
Councilor Edren Y. Faderon	
Councilor Napoleon M. Dimapilis	
Councilor Larry V. Salazar	-Pangulo, Liga ng mga Barangay
Councilor Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento	Mun. SK Federation

Absent: Councilor Cesar T. Baticos

KAPASYAHAN BLG 003
Taong 2009

**KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG DATING LINGKOD-BAYAN, KAGALANG-GALANG
ROMULO G. DIZON.**

SAPAGKA'T, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKA'T, si Kgg. Romulo G. Dizon ay itinalagang Pangalawang Punong Bayan simula noong Abril 21, 1986 hanggang Disyembre 1, 1987, naging Agricultural Technologist ng Department of Agriculture at naging Provincial Board Member simula 1995 hanggang 1998 at sa panahong ito ay nagpamalas ng dedikasyon sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, sa pagtatalaga sa kanya bilang Pangalawang Punong Bayan, ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKA'T, sa panahong ito ng panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKA'T, sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglingkuran, si "Mulong" tulad ng tawag sa kanya ay naging mabuting kasama, kaibigan at lingkod-bayan at ang kanyang paglisan ay ipinagdadalamhati ng mga naiwan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang lingkod-bayan, Kgg. Romulo G. Dizon.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Bernabe S. Mortel na sinang ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging lingkod-bayan ng bayang ito, Kgg. Romulo G. Dizon ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang maybahay, mga anak at kamag-anak ng namayapang Kgg. Romulo G. Dizon lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 02 Pebrero 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo